Tagalog

# Burying Our Weapons of Rebellion

By Elder D. Todd Christofferson
*Of the Quorum of the Twelve Apostles*

# Pagbabaon ng Ating mga Sandata ng Paghihimagsik

Ni Elder D. Todd Christofferson
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

October 2024 general conference

---

*May we bury—very, very deep—any element of rebellion against God in our lives and replace it with a willing heart and a willing mind.*

*Nawa'y ibaon natin—nang malalim na malalim—ang anumang elemento ng paghihimagsik laban sa Diyos sa ating buhay at palitan ito ng isang nagkukusang puso at isipan.*

The Book of Mormon records that approximately 90 years before the birth of Christ, the sons of King Mosiah began what would be a 14-year mission to the Lamanites. Unsuccessful efforts had been made over many generations to bring the Lamanite people to a belief in the doctrine of Christ.This time, however, through the miraculous interventions of the Holy Spirit, thousands of the Lamanites were converted and became disciples of Jesus Christ.

Nakatala sa Aklat ni Mormon na mga 90 taon bago ang pagsilang ni Cristo, sinimulan ng mga anak ni Haring Mosias ang magiging 14 na taong pagmimisyon sa mga Lamanita. Marami na ang ginawa sa nakalipas na maraming henerasyon upang madala ang mga Lamanita sa paniniwala sa doktrina ni Cristo ngunit ang mga ito ay nabigo.Gayunman, sa pagkakataong ito, sa mahimalang pamamagitan ng Banal na Espiritu, libu-libo sa mga Lamanita ang nagbalik-loob at naging mga disipulo ni Jesucristo.

We read, "And as sure as the Lord liveth, so sure as many as believed, or as many as were brought to the knowledge of the truth, through the preaching of Ammon and his brethren, according to the spirit of revelation and of prophecy, and the power of God working miracles in them—yea, I say unto you, as the Lord liveth, as many of the Lamanites as believed in their preaching, and were converted unto the Lord, never did fall away."

Mababasa natin, "At tunay na yamang buhay ang Panginoon, tunay na kasindami ng naniwala, o kasindami ng nadala sa kaalaman ng katotohanan, sa pamamagitan ng pangangaral ni Ammon at ng kanyang mga kapatid, alinsunod sa diwa ng paghahayag at ng propesiya, at ng kapangyarihan ng Diyos na gumagawa ng mga himala sa kanila—oo, sinasabi ko sa inyo, yamang buhay ang Panginoon, kasindami ng mga Lamanita na naniwala sa kanilang pangangaral, at mga nagbalik-loob sa Panginoon, kailanman ay hindi nagsitalikod."

The key to the enduring conversion of this people is stated in the next verse: "For they became a righteous people; they did lay down the weapons of their rebellion, that they did not fight against God any more, neither against any of their brethren."

Ang susi sa patuloy na pagbabalik-loob ng mga taong ito ay nakasaad sa kasunod na talata: "Sapagkat sila ay naging mabubuting tao; ibinaba nila ang kanilang mga sandata ng paghihimagsik, na hindi na nila muli pang nilabanan ang Diyos, ni ang labanan ang sino man sa kanilang mga kapatid."

This reference to "weapons of rebellion" was both literal and figurative. It meant their swords

Ang pagbanggit na ito sa "mga sandata ng paghihimagsik" ay kapwa literal at matalinghaga.

and other weapons of war but also their disobedience to God and His commandments.

Tinutukoy rito ang kanilang mga espada at iba pang mga sandata ng digmaan ngunit pati na rin ang kanilang pagsuway sa Diyos at sa Kanyang mga kautusan.

The king of these converted Lamanites expressed it this way: "And now behold, my brethren, … it has been all that we could do … to repent of all our sins and the many murders which we have committed, and to get Godto take them away from our hearts, for it was all we could do to repent sufficiently before God that he wouldtake away our stain."

Ganito ang sinabi ng hari ng mga Lamanitang ito na nagbalik-loob: "At ngayon masdan, mga kapatid ko, … ito lamang ang lahat ng ating magagawa … upang magsisi sa lahat ng ating kasalanan at sa maraming pagpaslang na nagawa natin, at upang mapahinuhod ang Diyosna alisin ang mga ito sa ating mga puso, sapagkat ito lamang ang lahat ng magagawa natin upang sapat na makapagsisi sa harapan ng Diyos upang kanyanglinisin ang ating dungis."

Note the king's words—not only had their sincere repentance led to forgiveness of their sins, but God also took away the stain of those sins and even the desire to sin from their hearts. As you know, rather than risk any possible return to their prior state of rebellion against God, they buried their swords. And as they buried their physical weapons, with changed hearts, they also buried their disposition to sin.

Pansinin ang mga salita ng hari—hindi lamang ang kanilang taos-pusong pagsisisi ang humantong sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, kundi inalis din ng Diyos ang dungis ng mga kasalanang iyon at maging ang pagnanais na magkasala sa kanilang mga puso. Tulad ng alam ninyo, sa halip na mameligro na baka muli silang bumalik sa paghihimagsik nila noon laban sa Diyos, ibinaon nila ang kanilang mga espada. At nang ibaon nila ang kanilang mga pisikal na sandata, na may nagbagong puso, ibinaon din nila ang hangarin nilang magkasala.

We might ask ourselves what we could do to follow this pattern, to "lay down the weapons of [our] rebellion," whatever they may be, and become so "converted [to] the Lord" that the stain of sin and the desire for sin are taken from our hearts and we never will fall away.

Maaari nating tanungin ang ating sarili kung ano ang magagawa natin upang masunod ang huwarang ito, na "[ibaba] ang [ating] mga sandata ng paghihimagsik," anuman ang mga ito, at lubos na "[m]agbalik-loob sa Panginoon" upang ang dungis ng kasalanan at ang hangaring magkasala ay maalis sa ating puso at hindi na tayo kailanman magsitalikod.

Rebellion can be active or passive. The classic example of willful rebellion is Lucifer, who, in the premortal world, opposed the Father's plan of redemption and rallied others to oppose it as well, "and, at that day, many followed after him."It is not hard to discern the impact of his continuing rebellion in our own time.

Ang paghihimagsik ay maaaring maging aktibo o tahimik. Ang klasikong halimbawa ng sadyang paghihimagsik ay si Lucifer, na, sa premortal na daigdig, ay sinalungat ang plano ng pagtubos ng Ama at inudyukan ang iba na tutulan din ito, "at, sa araw na yaon, marami ang sumunod sa kanya."Hindi mahirap tukuyin ang epekto ng kanyang patuloy na paghihimagsik sa ating panahon.

The Book of Mormon's unholy trio of anti-Christs—Sherem, Nehor, and Korihor—provide a classic study of active rebellion against God. The overarching thesis of Nehor and Korihor was that there is no sin; therefore, there is no need for repentance, and there is no Savior. "Every man prosper[s] according to his genius, and … every man conquer[s] according to his strength; and whatsoever a man [does is] no

Ang tatlong masasamang tao na mga anti-Cristo sa Aklat ni Mormon—sina Serem, Nehor, at Korihor—ay karaniwang halimbawa ng paghihimagsik laban sa Diyos. Ang pangunahing itinuturo nina Nehor at Korihor ay walang kasalanan; samakatwid, hindi na kailangang magsisi, at walang Tagapagligtas. "Bawat tao ay umuunlad alinsunod sa kanyang likas na talino, at … bawat tao ay nagagapi alinsunod sa kanyang

crime." The anti-Christ rejects religious authority, characterizing ordinances and covenants as performances "laid down by ancient priests, to usurp power and authority."

A latter-day example of willful rebellion with a happier ending is the story of William W. Phelps. Phelps joined the Church in 1831 and was appointed Church printer. He edited several early Church publications, wrote numerous hymns, and served as a scribe to Joseph Smith. Unfortunately, he turned against the Church and the Prophet, even to the point of giving false testimony against Joseph Smith in a Missouri court, which contributed to the Prophet's imprisonment there.

Later, Phelps wrote to Joseph asking for forgiveness. "I know my situation, you know it, and God knows it, andI want to be saved if my friends will help me."

In his reply the Prophet stated: "It is true that we have suffered much in consequence of your behavior. … However, the cup has been drunk, the will of our Heavenly Father has been done, and we are yet alive. … Come on, dear brother, since the war is past, for friends at first are friends again at last."

With sincere repentance, William Phelps buried his "weapons of rebellion" and was received once more in full fellowship, never again to fall away.

Perhaps the more insidious form of rebellion against God, however, is the passive version—ignoring His will in our lives. Many who would never consider active rebellion may still oppose the will and word of God by pursuing their own path without regard to divine direction. I am reminded of the song made famous years ago by singer Frank Sinatra with the climactic line "I did it my way." Certainly in life there is plenty of room for personal preference and individual choice, but when it comes to matters of salvation and eternal life, our theme song ought to be "I did it God's way," because truly there is no other way.

lakas; at ang ano mang [ginagawa] ng tao ay hindi pagkakasala." Hindi tinatanggap ng anti-Cristo ang awtoridad sa relihiyon, itinuturing nila ang mga ordenansa at tipan bilang mga pagtatanghal na "inilatag ng mga sinaunang saserdote, upang mangamkam ng kapangyarihan at karapatan."

Ang isang halimbawa ng sadyang paghihimagsik sa mga huling araw na may mas masayang wakas ay ang kuwento ni William W. Phelps. Si Phelps ay sumapi sa Simbahan noong 1831 at hinirang na manlilimbag ng Simbahan. Siya ang nag-edit ng ilang unang lathalain ng Simbahan, sumulat ng maraming himno, at naglingkod bilang tagasulat ni Joseph Smith. Ang nakakalungkot, kinalaban niya ang Simbahan at ang Propeta, hanggang sa puntong nagbigay siya ng maling patotoo laban kay Joseph Smith sa isang hukuman sa Missouri, na nakatulong sa pagkabilanggo roon ng Propeta.

Kalaunan, sumulat si Phelps kay Joseph na humihingi ng kapatawaran. "Alam ko ang sitwasyon ko, alam mo ito, at alam ito ng Diyos, at gusto kong maligtas kung tutulungan ako ng mga kaibigan ko."

Sa kanyang tugon ipinahayag ng Propeta: "Totoong nagdusa kami nang labis dahil sa ginawa mo. … Gayunman, nainom na ang saro, nagawa na ang kalooban ng ating Ama sa Langit, at kami ay buhay pa. … Halika, mahal kong kapatid, dahil lumipas na ang digmaan, sapagka't ang magkaibigan noong una ay magkaibigang muli sa wakas."

Taos-pusong nagsisi, ibinaon ni William Phelps ang kanyang "mga sandata ng paghihimagsik," at siya ay muling tinanggap sa Simbahan, at hindi na siya muling tumalikod.

Marahil ang mas mapanlinlang na uri ng paghihimagsik laban sa Diyos ay ang tahimik na bersiyon—na binabalewala ang Kanyang kalooban sa ating buhay. Marami sa mga hindi kailanman pipiliing aktibong maghimagsik ang maaaring sumasalungat pa rin sa kalooban at salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagtahak sa kanilang sariling landas nang hindi isinasaalang-alang ang utos ng Diyos. Naaalala ko ang awiting pinasikat ilang taon na ang nakararaan ng mang-aawit na si Frank Sinatra na may pangwakas na linyang "Ginawa ko ito sa aking paraan [I did it my way]." Tiyak sa buhay ay maraming pagkakataon para sa personal na kagustuhan at pagpili ng bawat isa, pero pagdating sa mga bagay na may kinalaman sa kaligtasan at buhay na walang hanggan,

Take, for instance, the Savior's example regarding baptism. He submitted to baptism as a demonstration of loyalty to the Father and as an example to us:

"He showeth unto the children of men that, according to the flesh he humbleth himself before the Father, and witnesseth unto the Father that he would be obedient unto him in keeping his commandments. …

"And he said unto the children of men: Follow thou me. Wherefore, my beloved brethren, can we follow Jesus save we shall be willing to keep the commandments of the Father?"

There is no "my way" if we are to follow Christ's example. Trying to find a different course to heaven is like the futility of working on the Tower of Babel rather than looking to Christ and His salvation.

The swords and other weapons that the Lamanite converts buried were weapons of rebellion because of how they had used them. Those same kinds of weapons in the hands of their sons, being used in defense of family and freedom, were not weapons of rebellion against God at all.The same was true of such weapons in the hands of the Nephites: "They were not fighting for monarchy nor power but … were fighting for their homes and their liberties, their wives and their children, and their all, yea, for their rites of worship and their church."

In this same way, there are things in our lives that may be neutral or even inherently good but that used in the wrong way become "weapons of rebellion." Our speech, for example, can edify or demean. As James said:

"But the tongue [it seems] can no man tame; it is an unruly evil, full of deadly poison.

"Therewith bless we God, even the Father; and therewith curse we men, which are made after the similitude of God.

ang dapat na theme song natin ay, "Ginawa ko ito sa paraan ng Diyos," dahil tunay na walang ibang paraan.

Talakayin natin ang halimbawa ng Tagapagligtas hinggil sa binyag. Siya ay nagpabinyag bilang pagpapakita ng katapatan sa Ama at bilang halimbawa sa atin:

"Ipinakikita niya sa mga anak ng tao na, ayon sa laman siya sa kanyang sarili ay nagpapakumbaba sa harapan ng Ama, at pinatototohanan sa Ama na siya ay magiging masunurin sa kanya sa pagsunod ng kanyang mga kautusan. …

"At sinabi niya sa mga anak ng tao: Sumunod kayo sa akin. Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, makasusunod ba tayo kay Jesus maliban sa tayo ay nakahandang sumunod sa mga kautusan ng Ama?"

Walang "aking paraan" kung tutularan natin ang halimbawa ni Cristo. Ang pagtatangkang maghanap ng ibang daan papunta sa langit ay tulad ng walang-kabuluhang pagtatayo ng Tore ng Babel sa halip na umasa kay Cristo at sa Kanyang kaligtasan.

Ang mga espada at iba pang sandata na ibinaon ng mga nagbalik-loob na Lamanita ay mga sandata ng paghihimagsik dahil sa kung paano nila ginamit ang mga ito noon. Ang gayon ding uri ng mga sandata sa mga kamay ng kanilang mga anak na lalaki, na ginamit sa pagtatanggol sa pamilya at kalayaan, ay hindi kailanman sandata ng paghihimagsik laban sa Diyos.Totoo rin ito sa mga sandata na nasa mga kamay ng mga Nephita: "Hindi sila nakikipaglaban para sa kaharian ni kapangyarihan kundi sila ay nakikipaglaban para sa kanilang mga tahanan at kanilang mga kalayaan, kanilang mga asawa at kanilang mga anak, at ang lahat-lahat sa kanila, oo, para sa kanilang mga seremonya ng pagsamba at kanilang simbahan."

Sa ganito ring paraan, may mga bagay sa ating buhay na maaaring neutral o likas na mabuti pero kapag ginamit sa maling paraan ay nagiging "mga sandata ng paghihimagsik." Halimbawa, ang ating pananalita ay maaaring magpasigla o makasakit. Tulad ng sinabi ni Santiago:

"Subalit ang dila ay [tila] hindi napapaamo ng tao, isang hindi napipigilang kasamaang puno ng lasong nakamamatay.

"Sa pamamagitan nito ay pinupuri natin ang Panginoon at Ama, at sa pamamagitan nito ay nilalait natin ang mga taong ginawa ayon sa

“Out of the same mouth proceedeth blessing and cursing. My brethren, these things ought not so to be.”

There is much in public and personal discourse today that is malicious and mean-spirited. There is much conversation that is vulgar and profane, even among youth. This sort of speech is a “weapon of rebellion” against God, “full of deadly poison.”

Consider another example of something that is essentially good but that could be turned against divine directives—a person’s career. One can find real satisfaction in a profession, vocation, or service, and all of us are benefited by what devoted and talented people in many fields of endeavor have accomplished and created.

Still, it is possible that devotion to career can become the paramount focus of one’s life. Then all else becomes secondary, including any claim the Savior may make on one’s time and talent. For men, and for women as well, forgoing legitimate opportunities for marriage, failing to cleave to and lift one’s spouse, failing to nurture one’s children, or even intentionally avoiding the blessing and responsibility of child-rearing solely for the sake of career advancement can convert laudable achievement into a form of rebellion.

Another example concerns our physical being. Paul reminds us that we are to glorify God in both body and spiritand that this body is the temple of the Holy Ghost, “which ye have of God, and ye are not your own.”Thus, we have a legitimate interest in spending time caring for our bodies as best we can. Few of us will reach the peak of performance we have seen recently in the achievements of Olympic and Paralympic athletes, and some of us are experiencing the effects of age, or what President M. Russell Ballard called “the rivets coming loose.”

Nevertheless, I believe it pleases our Creator when we do our best to care for His wonderful

larawan ng Diyos.

“Mula sa iisang bibig ay lumalabas ang pagpupuri at panlalait. Mga kapatid ko, hindi dapat maging ganito.”

Marami sa mga diskurso sa publiko at pribado sa panahong ito ang nakasasakit at masama. Maraming usapan na mahahalay at walang-pakundangan, maging sa mga kabataan. Ang ganitong uri ng pananalita ay isang “sandata ng paghihimagsik” laban sa Diyos, na “puno ng lasong nakamamatay.”

Pag-isipan ang isa pang halimbawa ng isang bagay na maganda pero maaaring magamit laban sa mga kautusan ng Diyos—ang propesyon ng isang tao. Ang isang tao ay maaaring makahanap ng tunay na kasiyahan sa propesyon, bokasyon, o paglilingkod, at lahat tayo ay nakikinabang sa kung ano ang nagawa at nalikha ng masisigasig at mahuhusay na tao sa maraming larangan.

Gayunman, posible pa rin na ang pagmamahal sa propesyon ay maaaring pagtuunan nang labis sa buhay ng isang tao. Pagkatapos ang lahat ng iba pa ay nagiging pangalawa na lamang, kabilang na ang anumang maaaring sabihin ng Tagapagligtas tungkol sa oras at talento ng isang tao. Para sa kalalakihan at para sa kababaihan na rin, ang pagpapaliban sa mga oportunidad para magpakasal, hindi pagpisan at pagtulong sa asawa, hindi pag-aalaga sa mga anak, o kahit na ang sadyang pag-iwas sa pagpapala at responsibilidad ng pagpapalaki ng anak para lamang sa kapakanan ng pagsulong ng propesyon ay maaaring maging dahilan upang ang mga kahanga-hangang nagawa ay maging isang anyo ng paghihimagsik.

Ang isa pang halimbawa ay tungkol sa ating pisikal na katawan. Ipinaalala sa atin ni Pablo na dapat nating luwalhatiin ang Diyos kapwa sa katawan at espirituat ang katawang ito ay ang templo ng Espiritu Santo, “na tinanggap ninyo mula sa Diyos, at kayo ay hindi sa inyong sarili.”Kaya, marapat na mag-ukol tayo ng oras na pangalagaan ang ating katawan sa abot ng ating makakaya. Iilan lamang sa atin ang makakarating sa rurok ng pagganap na nakita natin kamakailan sa pagtatagumpay ng mga atleta ng Olympic at Paralympic games, at ang ilan sa atin ay nakakaranas ng mga epekto ng pagtanda, o ng tinatawag ni Pangulong M. Russell Ballard na “paghina ng mga kalamnan at buto.”

Gayunpaman, naniniwala ako na nalulugod ang ating Lumikha kapag ginagawa natin ang

gift of a physical body. It would be a mark of rebellion to deface or defile one's body, or abuseit, or fail to do what one can to pursue a healthy lifestyle. At the same time, vanity and becoming consumed with one's physique, appearance, or dress can be a form of rebellion at the other extreme, leading one to worship God's gift instead of God.

lahat ng makakaya natin upang alagaan ang Kanyang kahanga-hangang kaloob na pisikal na katawan. Magiging tanda ng paghihimagsik ang papangitin o lapastanganin ang katawan o abusuhin ito, o hindi gawin ang magagawa ng isang tao para magkaroon ng malusog na pamumuhay. Kasabay nito, ang karangyaan at sobrang pagtutuon sa pigura ng katawan, hitsura, o pananamit ay maaaring maging isang anyo ng paghihimagsik, na humahantong sa pagsamba sa kaloob ng Diyos sa halip na sa Diyos.

In the end, burying our weapons of rebellion against God simply means yielding to the enticing of the Holy Spirit, putting off the natural man, and becoming "a saint through the atonement of Christ the Lord."It means putting the first commandment first in our lives. It means letting God prevail. If our love of God and our determination to serve Him with all our might, mind, and strength become the touchstone by which we judge all things and make all our decisions, we will have buried our weapons of rebellion. By the grace of Christ, God will forgive our sins and rebellions of the past and will take away the stain of those sins and rebellions from our hearts. In time, He will even take away any desire for evil, as He did with those Lamanite converts of the past. Thereafter, we too "never [will] fall away."

Sa huli, ang simpleng ibig sabihin ng pagbabaon ng ating mga sandata ng digmaan laban sa Diyos ay pagbibigay-daan sa panghihikayat ng Banal na Espiritu, paghubad ng likas na tao, at "maging banal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon."Ibig sabihin nito ay unahin ang unang utos sa ating buhay. Nangangahulugan ito na hayaang manaig ang Diyos. Kung ang ating pagmamahal sa Diyos at ang ating determinasyong paglingkuran Siya nang ating buong kakayahan, pag-iisip, at lakas ang magiging pamantayan natin sa paghatol sa lahat ng bagay at paggawa ng lahat ng ating desisyon, ibinabaon na natin ang ating mga sandata ng paghihimagsik. Sa biyaya ni Cristo, patatawarin ng Diyos ang ating mga kasalanan at paghihimagsik noon at aalisin Niya ang dungis ng mga kasalanan at mga paghihimagsik na iyon mula sa ating puso. Kalaunan, aalisin din Niya ang anumang hangaring gumawa ng masama, tulad ng ginawa Niya sa nagbalik-loob na mga Lamanitang iyon noon. Pagkatapos niyon, tayo rin ay "[hindi] kailanman [magsi]sitalikod."

Burying our weapons of rebellion leads to a unique joy. With all who have ever become converted to the Lord, we are "brought to sing [the song of] redeeming love."Our Heavenly Father and His Son, our Redeemer, have confirmed Their unending commitment to our ultimate happiness through the most profound love and sacrifice. We experience Their love daily. Surely we can reciprocate with our own love and loyalty. May we bury—very, very deep—any element of rebellion against God in our lives and replace it with a willing heart and a willing mind.In the name of Jesus Christ, amen.

Ang pagbabaon ng mga sandata ng digmaan ay humahantong sa naiibang kagalakan. Kasama ang lahat ng nagbalik-loob sa Panginoon, tayo ay "nadala na magsiawit ng [awit ng] mapagtubos na pag-ibig."Pinatunayan ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak, na ating Manunubos, ang Kanilang walang-hanggang dedikasyon sa ating sukdulang kaligayahan sa pamamagitan ng napakalalim na pagmamahal at sakripisyo. Nararanasan natin ang Kanilang pagmamahal araw-araw. Tiyak na masusuklian natin ito ng ating pagmamahal at katapatan. Nawa'y ibaon natin—nang malalim na malalim—ang anumang elemento ng paghihimasik laban sa Diyos sa ating buhay at palitan ito ng nagkukusang puso at isipan.Sa pangalan ni Jesucristo, amen.